

Bogwa: Kultural na Paghuhukay sa Oral na Tradisyong Ifugao/

Bogwa: A Cultural Exploration of the Ifugao Oral Tradition

John A. Amtalao* and Feorillo Petronilo Demeterio III
De La Salle University, Manila, Philippines
john_amtalao@dlsu.edu.ph

Ang Bogwa o *Bonewashing* ay isa sa mayayamang anyo ng oral na tradisyon ng Ifugao. Karaniwang isinasagawa ang *Namogwahan* (katutubong tawag sa proseso ng Bogwa) sa tuwing nagpapakita ang mga magulang na yumao sa panaginip ng mga kapamilya, kapag nagkakasakit ang isang kamag-anak, humihingi ng basbas ang isang balo upang makapag-asawang muli, at para sa simpleng pag-alaala ng mag-anak sa yumaong mga magulang. Siniyasat ng mga mananaliksik ang proseso at pamamaraan ng Bogwa sa pamamagitan ng paglista sa mga pangunahing terminolohiyang pumapaloob sa tradisyon ayon sa metodo ng oral history. Lumabas sa resulta ang 13 susing salitang nauri sa kagamitan, at 14 na salita naman para sa proseso at tauhang nababanggit sa Bogwa. Nagsagawa rin ng pormal at impormal na pakikipanayam ang mga mananaliksik sa mga direktang nakasaksi, nakaranas, at nakapagsagawa ng Namogwahan upang mabigyan ng balidasyon ang mga salitang nakalap. Maliban dito, dinalumat din ang mga nailimbag at nailathalang artikulo at video hinggil sa Bogwa bilang bahagi ng pagpapayaman ng karunungan sa oral o di nahahawakang tradisyon. Tunay na mayaman sa awtentikong kultura ang Ifugao na nakapag-aambag sa pambansang kalinangan hinggil sa katangian ng kanilang lipunan at identidad.

Mga Susing Salita: Bogwa, Oral na Tradisyon, Ifugao, Kultura

Bogwa or bonewashing is one of the rich forms of oral traditions in Ifugao. Namogwahan – native term for the process of performing the Bogwa – is mostly performed in the following circumstances: deceased parents appear in the dreams of their loved ones particularly the family members; any of the relatives get sick; a widow asks for the blessing to marry again; and children who want to commemorate their departed parents. The researchers analyzed the process and ways of Bogwa by means of listing the primary and most common terms used in the tradition based on standards set by oral history method. It was culled out that 13 key terms on the materials and 14 key terms were used in the process and individuals mentioned in the execution of Bogwa. Aside from noting the key terms, the researchers had also conducted formal and informal interviews with individuals who had witnessed, felt, and performed the Namogwahan to validate the gathered key terms. In addition, the researchers also analyzed written and published articles and videos about Bogwa as a way of enriching oral tradition. Truly, Ifugao has rich authentic culture that contributed to the development of the country's identity.

Keywords: Bogwa, Oral Tradition, Ifugao, Culture

Panimula

Ang pambansang kalinangan sa kultura ng lahi ay isang makapangyarihang daluyan sa pagsisid sa identidad ng nilalang sa kaniyang bayan. Isang pamaraan upang maipakilala ng tao ang sarili sa lipunang sagana sa sari-saring prinsipyo at paniniwala. Para sa mga pangkat-etniko, nagsisilbi itong tuntungan upang maihayag ang kanilang pagkalalang sa daigdig nang may paggalang sa kanilang mga tradisyon at pagpapahalaga. Isang pangangailangang dapat sipatin upang magkaroon ng kamalayan sa pinag-ugatan ng sarili, ng lahi, at ng kaniyang relasyon sa kaniyang kapuwa.

Ang kultural na pagdalumat sa iba't ibang aspekto nito ay isang masalimuot na paglalantad sa kabuoan ng isang pangkat-etniko. Isang masakot na proseso na nangangailangan ng maingat na paglalahad nang may pagsasaalang-alang sa kasaysayan at masusing paghahabi-habi ng mga tala mula sa mga balidong sanggunian, materyal at di materyal na kultura, at seryeng panayam sa danas ng mga indibidwal na kabahagi ng isang lahi. Ang hangaring ito ay sinuportahan ng Batas Republika 7356 ng 1992 sa paglikha at pagtalaga ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining/National Commission for Culture and the Arts (NCCA) bilang kinatawan ng Pilipinas sa pagbuo ng mga patakarang mangangalaga sa kultural na karanasan ng bansa na alinsunod sa pagtatatag ng programa ng United Nations Educational,

Scientific and Cultural Organizations (UNESCO) batay sa layuning panatilihin at patatagin ang awtentiko at umiiral na mga gawi at pagkakakilanlan ng iba't ibang katutubong pamayanan bilang instrumento sa pagpapakilala sa mayamang pamana ng lahi.

Ang Cordillera ay rehiyong sumasalamin sa mga awtentikong kaugaliang napanatili sa mga nagdaang dantaon. Ang pinakasikat na Cañao ng Benguet, Begnas ng Mt. Province, likhang-sining sa tatoo ng Kalinga, malikhaing paghahanay ng kawayan ng Abra, Say-am, at Pildap ng Apayao, at ang Hudhud ng Ifugao ay ilan lamang sa mayamang representasyon ng mga lahing hindi nagpasiil sa mga mananakop at napanatili ang sariling kalinangang hanggang sa ngayon ay kinikilala sa buong mundo - mga tradisyong nagmumulat sa kaisipang bumubuo sa pagka-Pilipino at kamalayang nagtatadhana sa kalagayan ng iba't ibang pangkat-etnikong hanggang sa kasalukuyan ay maunlad sa Hilagang Luzon.

Gayonpaman, bagama't napananatili ng Cordillera ang marami sa mga kulturang may pagtatangi sa iba't ibang lahi sa buong bansa at mundo, lumilitaw ang unti-unting pagkawala ng mga gawaing ito dulot ng modernisasyon, edukasyon, at relihiyon. Sa mga ganitong pagkakataon, nagiging makabuluhan ang mga pag-aaral at programa na isinasagawa ng ilang sektor ng pamahalaan, iskolar, at mag-aaral nang sa gayon ay mapreserba at maibalik ang mga naglalahong tradisyong hinahamon ng globalisasyon.

Ang samot-samot, makulay, at saganang kultura ng Cordillera ang nagbunsod sa mga mananaliksik na

magsagawa ng pagdukul sa mga tradisyong kaugnay ng mga oral na literatura at rituwal na isinasagawa na partikular sa Ifugao - isang lalawigan nagmamalaki sa *chant* na Hudhud bilang sagisag-kultura na kinilala at pinarangalan ng UNESCO bilang *Masterpiece of the Oral and Intangible Heritage of Humanity* noong 2001.

Ang Pagwiwika ng Di Materyal na Kultura at Oral na Tradisyon

Ang pagwiwika ng kultura ay naisisiwalat sa iba't ibang uri at anyo. Sa iba't ibang anyo ng pagwiwika nailalahad ang pinakamalalim at pinakamalawak na saklaw ng kanilang pagpapahalaga, pananaw, at pilosopiyang nakaangkla sa tradisyong arbitraryong pinayaman ng kanilang mga ninuno at pinanday ng pagkakataon at panahon.

Ang oral na kultura ay anyo ng di materyal na kultura na naglalahad ng mga pagpupunyagi, tagumpay, at kabiguan; mga pangarap at pangamba; sining at karunungan-lahi na nagsisilbing gabay ng susunod na henerasyon. Maituturing na lundayan ng kasaysayan ng lahi sa pagpaparating ng kanilang pagtingin hinggil sa politika, ekonomiya, at isyung pangkapaligiran na maaaring hindi itinala sa anomang materyal na sulatin. Isang kasangkapan ng mga naunang nilalang na namayani sa isang lupain upang ilahad ang espirituwal na ugnayan sa pinaniniwalaang Tagapaglikha. Isang daluyan ng identidad hango sa mga salitang isinalin hindi lamang sa dila kundi sa pamumuhay. Daluyang sasalukan ng sari-saring kalinangang maghahayag sa mundo hinggil sa kanilang kasarinlan.

Napatunayan sa ilang pag-aaral na isinagawa sa iba't ibang bansa ang kabuluhan ng pagdukul sa oral na kultura bilang kabahagi sa pambansang kalinangan.

Sa pag-aaral nina Edsomwan at Peterson (91-92) hinggil sa kasaysayan ng pasalita at pasulat na pagkukuwento, ginamit nila ang perspektiba ng Nigerian na awtor na si Chinua Achebe upang pasinungalingan ang mga tala ng Eurocentric perspective nang ika-19 na dekada hinggil sa pamumuhay sa Nigeria. Sa pag-aaral na ito, sa pamamagitan ng paggamit ng mga awtentikong materyal na nagsasaad ng mga impormasyon ng kasaysayan at materyal sa pagkukuwento, natuklasan ng mga mananaliksik ang totoong lipunang mayroon ang mga Nigerian bago pa man sila sinakop ng mga Europeo. Samantala, kahalintulad naman ito ng pag-aaral na isinagawa ni Tuwe (5-7) hinggil sa suliranin

sa paggamit ng wika ng pakikipag-usap sa mga African na nanirahan sa New Zealand. Ginamit ng mananaliksik ang African Oral Traditional Paradigm of Storytelling bilang metodolohiya sa pagdalumat ng mga kaisipan at emosyong namamayani sa mga African na nakatira at nagtatrabaho sa New Zealand. Napatunayan ng mananaliksik na ang pag-aangkla sa mga oral na tradisyon sa pagkukuwento ay isang mabisang instrumento upang tuluyang magagap ang mga hinaing ng mga African sa kanilang paggawa o trabaho. Naging suliranin naman sa pananaliksik nina Drake at Kombo (109-112) ang migrasyon, kultural na asimilasyon, at adaptasyong-pangwika ng mga Somali refugees na lumipat at nanirahan sa kanlurang bahagi ng Estados Unidos na ang pakikisangkot ng mga Somali sa mga Amerikano ay maaaring magdulot ng pagkalimot sa kulturang kinagisnan. Sa kanilang pag-aaral, sinubok tukuyin ang mga hamong kahaharapin upang mapanatili ang nakagisnang mga wika at rituwal bilang bahagi ng tradisyon. Sa pag-aaral naman ni Jiarata (70-72), upang makabuo ng metodolohiyang pampagkatuto sa pagkukuwento, pinaghalo niya ang mga mag-aaral na nabibilang sa magkaibang kultura. Pinagsama niya ang mga lalaking Guji at mga babaeng Ethiopian upang magpresenta ng mga oral na tradisyon sa pagkukuwento at pagbubugtong. Ginamit ng mananaliksik ang pagkakaiba-iba sa interpretasyon ng mga batang ito upang makabuo ng mga metodolohiya sa pagtuturo na may pagsasaalang-alang sa iba-ibang kulturang kinabilangan ng mga mag-aaral.

Sa artikulo naman ni Akesson (69-70), ginamit niya ang tradisyonal na genre ng pag-awit ng Northern European o mas espesipikong sa mga Swedish/Scandinavian sa pagpapaliwanag sa halaga ng oral and orality sa pagdalumat ng musika upang mas mapalalim ang pag-unawa sa kabuoan ng mga tao noon at ang pamaraan ng kanilang pakikisalamuha. Sa pamamagitan ng pagtingin sa mga salitang ginamit sa musika, aesthetics sa presentasyon ng pag-awit, piniling tono, at pag-iwas sa gamit ng vibrato, ang lahat ng ito ay naging basehan ni Akesson upang tukuyin ang identidad ng kanilang mga pagpapahalaga noon at ang lalim ng kanilang musika.

Ayon naman sa World Affairs Council of Houston, naniniwala ito na ang oral na tradisyon, lalo na ng Africa ay napakahalaga dahil mayaman ito sa mga kuwentong-bayan hinggil sa kanilang pinagmulan. Maliban dito, sinasalamain ng kanilang mga pabula ang katotohanan hinggil sa mababangis na hayop na

masasaksihan sa kontinenteng ito. Sa katunayan, dahil sa mataas na pagtingin sa sining ng pagkukuwento, may natatanging katawagan bilang pagngangalan sa taong maalam sa kasaysayan at tagabantay sa kaalaman ng kanilang pinagmulan. Ibinibigay ang responsibilidad upang isaualo ang kanilang mga rituwal at musika at sa mga pagdiriwang, at mayroon silang mahalagang papel na kailangang gampanan. Tinatawag sila bilang mga Griot.

Ang Kaavad naman ay isang kilalang oral na tradisyon sa India. Ito ay mula sa Kaavad Banchana na isang uri ng pagkukuwento sa Rajasthan. Sa tradisyong ito, itinatampok ang kuwento ng epikong Mahabharata at Ramayana kasabay ng Puranas – mga kuwentong-bayan at ilan pang tradisyon. Ang Kaavad ay isang templo na yari sa tabla na may mga nakaukit na larawan at pagsasalaysay hinggil sa kanilang mga pinaniniwalaang panginoon, santo, bayani, at padron. Karaniwan itong likha ng Suthar o karpintero ng lugar at dinesenyo itong mas madaling buhatin upang ang templo ang lalapit sa mga tao at hindi kailangan pang maglakbay ng mga tao patungo sa templo. Tinatawag naman nilang Kaavadiya Bhat ang tagapagsalaysay. Sa presentasyon, sinasamahan ito ng mga audio upang lalong maging interesante ang panonod (Sabnani, 28-29).

Inilalahad ng mga oral na tradisyong ito na maaaring maihayag ang kulturang pasalita sa pamamagitan ng pagkukuwento at pag-awit. Gayonpaman, hindi limitado sa uri ng pasalitang kultura ang nais ihatid ng iba't ibang pag-aaral, kundi ang ugnayan ng mga pasalitang kultura sa masining na pagsasalin ng mga nakagawian at tradisyon upang mapanatili ito sa kanilang lahi.

Ang Saganang Pagwiwika ng Hudhud ng Ifugao

Ang Ifugao ay nahati sa tatlong pangunahing pangkat-etniko: Tuwali, Ayangan, at Hanglulu. Ang kalinangang-Ifugao ay isang pagpapatunay ng katatagan ng kultura sa kabila ng hamon ng globalisasyon. Ang marikit na Payew o Payyo (Hagdan-hagdang Palayan) ay inilista ng UNESCO bilang World Heritage Site dahil sa kamangha-manghang likha ng mga kamay ng mga ninunong Ifugao daang taon na ang nakalilipas. Maliban dito, itinala rin ng UNESCO ang bantog na awit na Hudhud bilang isang pasalitang kultura na sumasalamin sa malikhain at mayamang tradisyon ng

Ifugao (Dulawan, 22-35).

Taong 2001 nang kilalanin ng UNESCO ang Hudhud bilang isa sa 19 na pinakanatatanging halimbawa ng oral at di materyal na kultura sa buong mundo. Sa parehong taon, idineklara ng Pambansang Museo batay sa proklamasyon ng UNESCO ang Hudhud at ang Rock of Pumbakhayon bilang Pambansang Yaman ng Lahi. Ipinasa rin ng NCCA ang resolusyon bilang 2001-267 hinggil sa pangangalaga ng Rock of Pumbakhayon na pinagmulan ng mitolohiyang nilalaman ng Hudhud. Samantala, taong 2007 nang inaprubahan at tinanggap ng pamahalaang Ifugao ang Panlalawigang Ordinansa bilang 2007-044 o mas kilala sa tawag na The Provincial Cultural Treasure Act of 2007 na kumikilala sa klasiko at epikong Hudhud bilang Panlalawigang Yaman ng Lahi (nasa Dulay 533-535).

Nakalahad naman sa R.A 10066 o mas kilala bilang Cultural Heritage Act ang pangangalaga sa kultura at tradisyon ng mga indihenang pangkat sa Pilipinas. Nilalaman ng batas na ito ang pagkilala at pagpapalawig sa kaalaman sa mga oral na kulturang ipamamana ng mga katutubo sa susunod na henerasyon. Sinasaklaw din nito ang masusing pagsasagawa ng mga pananaliksik at pagtatala sa mga tradisyong isinasabuhay pa rin upang mapanatili ang identidad ng isang lipi at pagbubuo ng nasyon. Binigyang-diin din ang paggalugad ng mga pasalitang tradisyong nakapaglalalahad ng mga awtentikong katangian ng isang pangkat maging ito man ay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga programa upang mapanatili ito at/o ang maingat na dokumentasyon ng mga tradisyong ito upang maiwasan ang pagbura ng mga gawaing nakapaglalantad ng lahing Pilipino.

Samantala, ang pag-awit ng Hudhud ay nagiging makahulugan sa iba't ibang paraan ng pamumuhay ng mga Ifugao. Isinasagawa ang pag-awit nito sa pagsasaka upang magdala ng masaganang ani, sa Bogwa o bonewashing, sa lamay ng namatayan (karaniwang sa mga matatandang pumanaw sa likas na pamaraan), sa kasalan, at sa iba pang gawaing kultural (Dulawan 1-4).

Ang Hudhud ay isa lamang sa limang uri ng awit ng Ifugao kabilang ang Alim, Ap-apnga, Baltung, at Liwliwa. Iba naman ang papel ng Baki bilang isang anyo ng seremonya na isinasagawa sa anyo ng panalangin at dalangin na ipinaabot sa mga ninunong yumao at kinikilalang bathala kasabay ang pagsasakripisyo at pag-aalay ng buhay ng baboy, manok, at baka. Kung ilang baboy, manok, at baka ang kailangang katayin

ay nakaangkop sa suhestiyon ng mumbaki (tawag sa nagsasagawa ng seremonya) na nakaangkla sa mitikal na kuwento ng dakilang pagbaha o great flood (nasa Dulawan 6-7). Ang seremonya ng Baki ay maaaring isinasagawa sa tatlong layunin: Agricultural rites o *Honga de Page*, Prestige Rites o *Hongan di Kitaguan*, at udum an mumbaki o sa iba pang dahilan. Maliban sa mga alay na hayop, pangangailangan din ang baya o *ricewine* at pagbanggit ng mga mito o pag-awit ng mga mitikal na kuwento.

Ang salitang *Honga* sa pinakapayak na paglalarawan ayon sa gamit sa *Honga de page* o Agricultural rites ay nangangahulugang kasaganaan at pasasalamat. Samantala, may iba-iba namang pag-uuri ang *honga* para sa prestige rites: seremonya para sa pagbubuntis o *palat di oban*, seremonya sa panganganak o *among*, seremonya sa kasunduan sa pagpapakasal o *imbango*, seremonya sa kasal o *bubun*, seremonya sa pagkamatay o *kate*, at seremonya sa bonewashing o *bogwa*.

Ang *dawat de bagol* o ang kahingian ng sariling laman ay isang espesyal na seremonya para sa isang nagnanais isabuhay ang mga responsibilidad ng isang mumbaki.

Ang *Bogwa* o *bonewashing* naman ay maituturing na oral na tradisyong ang isang bahagi ng seremonya ay ang pag-awit ng Hudhud. Isang simbolikong kulturang kumakatawan sa malalim na pagkilala sa halaga ng mga yumaong ninuno at kinikilalang Tagapaglikha bilang suplemental na kabahagi ng kanilang pamumuhay. Ang rituwal na ito ay kaagapay rin ng Baki. May mga sakripisyong hayop (manok, baboy, at baka) bilang alay kapalit ng positibong tugon sa mga panalangin. Kabilang sa rituwal ang kinaroroonan ng Mumbaki (tawag sa nagsasagawa ng Baki) na isa sa mga sentral na pangangailangan upang maisakatuparan ang dahilan ng pagsasagawa ng *bogwa*. Karaniwan itong isinasagawa makalipas ang isa o dalawang taon ng pagkamatay at nagtatagal ng tatlo hanggang labindalawang araw batay sa estado ng pamumuhay ng pamilya. Nagsisilbi rin itong pagpugay sa kamag-anak na lumisan, paghiling ng mga magulang bago pumanaw, pagpagaling ng karamdaman ng kapamilya, at pagpapakasal muli ng isang bala (Dulawan 22-28).

Tunay na mayaman sa oral na kultura ang Ifugao at maipagmamalaki sa buong mundo hindi lamang sa angking karikitan sa pagmamahal sa sariling kultura ngunit pag-ibig sa sariling identidad. Isang anyo ng sining na nangangambang maglaho dala ng iba't ibang hamon.

Ang Ugnayan ng Paglilibing sa Bogwa

Iniugnay ang paraan ng paglilibing ng Ifugao sa *Bogwa*. Bago ang pagsasagawa ng paglilinis sa buto ng yumaong kapamilya ay may sinusunod na tradisyon tulad ng *Honga*, *Atag*, *Bangibang*, *Binyon*, *Ngilin*, at *Agamid*.

Ang *Honga* ay rituwal na isinasagawa agad ng mumbaki pagkamatay ng isang kamag-anak upang itaboy ang masasamang espiritung maaaring sumundo sa yumao. Samantala, ang *Atag* ay ang paglilipat ng katawan sa paglalagakang puntod ng namatay at ang *Bangibang* naman ay isa ring uri ng rituwal na isinasagawa kung ang yumao ay namatay dahil sa aksidente o sa hindi inaasahang pangyayari. Ito ay kaiba sa *Binyon* na isang uri ng rituwal na nagbibigay-kalayaan sa kaluluwa ng yumao na dalhin ang lahat ng mga bagay na ninanais para sa panibagong buhay na pupuntahan.

Ang *Ngilin* naman ay ang araw na ibinibigay para sa pamamahinga (hindi pagsasagawa ng anomang aktibidad o hindi pagpasok sa trabaho) ng mga direktang kamag-anak ng yumao. Ito ay dapat sundin upang maiwasan ang negatibong pangyayari kasunod ng pagkamatay ng isang kaanak. Ito ay katulad din ng *Agamid*, ang pag-alaala sa anibersaryo ng kamatayan ng kamag-anak.

Ang mga tradisyong ito ay ilan lamang sa kasalukuyang gawi ng Ifugao na isang makabuluhang kulturang maaaring maiangkop sa pag-aaral ng *Bogwa* bilang gawaing may kaugnayan sa paglilibing.

Ang Hamon ng Globalisasyon, Edukasyon, at Relihiyon sa Pasalitang Kultura

Hindi maikakaila ang epekto ng globalisasyon bilang bahagi ng panibagong pagtingin sa mga tradisyon sa kasalukuyan. Sa globalisasyon, napatataas ang interkoneksyon ng iba't ibang sosyal, politikal, at ekonomikal na penomenang katangian ng kultura. Gayondin, nagkakaroon ng interaksyon ang iba't ibang komunidad at nabibigyang-kamalaman ang ibang lahi hinggil sa pagkalalang ng iba pang kultura. Sa pagbanggit ni Palmer (12-15), ang *diversity* o pagkakaiba-iba ng kultura ay nagbukas ng pagkakaugnayan ng mga identidad at nagsusulong ng mas malalim na pag-unawa sa kani-kaniyang personal na katangian at ang kaniyang ikinaiba sa iba pang lahi at kultura.

Sa pagbanggit naman ni Crane (1-3), may dalawang prinsipal na batayan sa teorya at epekto ng globalisasyon: Una, ang imperyalismong kultural na sakop ng media, na nagkakaroon ng paglamon ng mga dominanteng kultura sa maliliit na pangkat-etniko, pangalawa, ang hybridization na nagkakaroon ng modipikasyon ang kultura sa pamamagitan ng pakikisalamuha nito sa iba pang kultura. Samakatuwid, dahil kaakibat ng imperyalismo at hybridization, maaaring maglaho ang awtentikong identidad ng kultura kapag inangkop ang globalisasyon. Kung gayon, sa isang kultura na nagnanais panatilihin ang awtentikong katangian, dapat ay isinasantabi ang globalisasyon.

Ayon kay Yusuf (2-6), maiuugnay ang modernisasyon at maunlad na teknolohiya sa globalisasyon. Ito'y sapagkat nakaapekto ang kulturang popular na dala ng mga materyal sa mundo ng komersyong dala ng kapitalismo. Bagaman at may positibong dulot ang globalisasyon sa ekonomikal na estado ng lipunang may malagong sistema ng pamamalakad sa pera. Sa pagbanggit naman ni Nistor (152-153), hindi lamang ang estadong pinansyal ang naapektuhan ng globalisasyon kundi ang pagtugon nito sa pamaraan ng pamumuhay ng lipunang tumatangkilik sa mga komoditi na dala ng teknolohiya kabilang na ang edukasyon, social networking site, Mass media, at iba pa. Sa pagbanggit nina Senouci at Kherrous (10 at 12), ang pag-inog ng globalisasyon sa konteksto ng edukasyon ay naghatid sa mga indibidwal upang maging malay sa mga impormasyong dumadaloy at dumodoble sa dalawang taon at magkaroon ng mas malawak na pananaw sa mga ideolohiya, moralidad, at etika. Samakatuwid, ang globalisasyon sa edukasyon ang magbubunsod sa tao upang mataya niya ang kaniyang mga gawi ayon sa pamantayan ng pandaigdigang dikta.

Ang globalisasyon, edukasyon, at relihiyon ay mga malaking hamon sa pagpapanatili ng kadalisan ng kulturang Ifugao. Sa pagpapanatili ng Hudhud at mga kulturang Ifugao, naging hamon ang edukasyon, relihiyon, at globalisasyon upang mapalago at paunlarin pa ang tradisyong pamana. Inihayag ni Jiang (116-120) na ang pagkalimot sa mga agrikultural na seremonya ay sanhi ng ekonomikong aspektong bumabalot sa mga epekto nito. Ang Tinawon o ang taunang ani ay hindi na praktikal na gawain sapagkat hindi kayang tustusan ng Tinawon ang pangunahing pangangailangan ng bawat pamilya. Samantala, ang unti-unting paglaho ng mumbaki na nagsasagawa ng seremonyang baki

ay bunga ng mga nagsusulputang teknolohiya na humihila sa kabataan upang mas pagtuunan ang aliw na dala ng media. Gayondin, marami sa bilang ng mga bata ngayon ang hindi tumatanggap sa responsibilidad ng baki sa lipunan. Ito'y dahil hindi ito maituturing na isang propesyon kundi isang misyong dapat iaalay sa kalahi o kapuwa sa komunidad nang walang inaasahang pinansyal na kapalit.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong pag-aaral sa pamamagitan ng oral history. Sa paglalarawan ni Moyer (3-26), ang oral history ay pagkalkal sa kultural na katangian ng isang lahi ayon sa mga pahayag ng mga direktang may danas sa isang tradisyong nais suriin. Pinalalalim ang pagtalakay ng naturang pag-aaral mula sa mga pananaw at pagtingin ng indihenang grupo at mga nakalimbag na tala hinggil sa paksa. Sa paggamit ng oral history, maiaangkla ang cataloguing o ang pangangalap ng mga makabuluhan at hindi pa nakatalang mga salita na ginagamit sa isang oral na kultura na tulad ng Bogwa. Upang maiwasan ang suhetibong interpretasyon sa mga datos na pangunahing kahinaan ng metodong ito, binalikan ng mga mananaliksik ang mga respondente para sa balidasyon ng mga resultang nakalap. Tinipon din ang kuwento at salaysay ng mga nagsagawa ng oral na tradisyon at kinilala ang pagkakatulad ng mga salita ayon sa proseso at pamamaraan ng Bogwa.

Pangunahing respondente ng pag-aaral ang mga indibiduwal na nakasaksi, nakaranas, at nakapagsagawa na ng Bogwa. Sa pamamagitan ng impormal na pakikipanayam at pakikipagtalakayan, naging kasangkot din ang tatlong *mumbaki* (shaman) na sentro sa proseso ng tradisyong ito. Upang mabalido ang mga resulta, inilapit din ang resulta sa ilang mamamayan at sa Opisina ng Kultura at Pamana (Institute of Culture and Heritage Office) ng Lagawe, Ifugao na kabisera ng lalawigan. Binigyang-limitasyon ang pag-aaral sa pamamagitan lamang ng pagpili ng mga respondente na nakatira sa Hingyon at Lagawe, Ifugao.

Ginamit ng mga mananaliksik ang pakikipanayam at impormal na pagtalakay sa direktang nakadanas ng Bogwa. Inihanda ang mga preliminaryong tanong at inilapat sa talatanungan upang magsilbing gabay sa diskusyon sa mga respondente. Isinama rin sa pangangalap ng datos ang documentary analysis kung saan ang mga mananaliksik ay nangalap ng mga karagdagang tala mula sa mga video at sulatin hinggil sa Bogwa at kulturang Ifugao.

Ang mahahalagang salitang ginagamit sa Bogwa

Inuri ang mga salitang nakalap ayon sa dalawang kategorya: Mga kultural na materyal ng Bogwa at ang kultural na proseso ng pagsasagawa ng Bogwa. Binigyang-din ang pagtutumbas ng lahat ng mga salita/terminong nakalap ayon sa dalawang wikang ginagamit sa Hingyon Ifugao: Tuwali at Ayangan. Naging basehan ng dalawang wikang inilatag ang binanggit ng Komisyon sa Wikang Filipino ayon sa inilathalang Mapa ng mga Wika sa Pilipinas at sa mga kinapanayam hinggil sa wikang ginagamit sa Ifugao.

Mga Kultural na Materyal o Nahahawakang Kultura ng Bogwa

Itinala ng mga mananaliksik ang mga materyal na ginagamit sa Namogwahan (proseso ng Bogwa). Inuri ang mga salitang nakalap ayon sa dalawang pangunahing wika ng Ifugao: Tuwali at Ayangan na kumakatawan din sa dalawa sa tatlong pangunahing pangkat-etniko ng lalawigan. Ang mga salitang nakalap ay binigyan din ng deskripsyon at inisa-isa ang papel ng kagamitan sa proseso ng Bogwa at inilahad ang identidad ng mga Ifugao mula sa tradisyong ito.

Talahanayan 1

Tuwali	Ayangan	Salin sa Ingles at Filipino	Deskripsyon at Kahalagahan sa Tradisyon
1.Pahing	Paheng	Chunks of meat/ Tipak ng karne	Ang pahing ay ang tradisyonal na pamimigay sa bahagi ng kinatay na baboy o kalabaw. Isa itong maituturing na pananagutan ng pamilya ng nagsagawa ng Bogwa bilang pagtupad sa pagpapatatag ng relasyong sosyal sa komunidad at bilang pamaraan ng pasasalamat sa mga nakiisa sa tradisyon. Maliban dito, ang pagbabahagi ay pinaniniwalaang makapagbibigay ng mabuting pangitain at positibong tugon sa panalangin para sa yumaong kapamilya. Ang bilang ng mga dumalo ay sumasalamin sa naging anyo ng pakikitungo ng pamilyang nagsagawa ng Bogwa sa kanilang kapuwa. Kinakatawan din nito ang papel ng mga direktang kapamilya sa tradisyon. Responsibilidad ng bawat miyembro ng pamilya (lalo na ang mga may trabaho) na magbahagi ng isa o higit pang hayop na iaalay at ipakakain sa mga bisita. Samantala, hindi naman sila pinapayagang kumain ng kinatay na hayop dahil sa paniniwalang mawawalan ng bisa ang mga dalanging ibinulong ng mumbaki.

2. Gamong	Gamong	Burial blanket/ Kumot sa paglilibing	May dalawng uri ng gagamiting kumot bilang pambalot sa buto ng mga kapamilyang yumao. Ang pinag-pa-ga-an at lumtung. Ang nauna ay karaniwang hinabi o <i>inabel</i> gamit ang pula at itim na sinulid. Samantala, ang pangalawa'y karaniwang itim na sinulid lamang ang kabuoan nito. Ang paggamit ng gamong ay indikasyon ng katayuang ekonomikal ng isang pamilya dahil ang gumagamit lamang sa pinag-pa-ga-an ay yaong pamilyang maituturing na kabilang sa gitnang uri at/o sagana sa yaman. Sa Ifugao ang kahulugan ng pagiging sagana sa yaman ay yaong may mayamang ani o lupain at ang mga miyembro ng pamilya ay matagumpay sa kanilang trabaho o propesyon. Ang lumtung ay mas gamitin ng mga pamilyang may kasalatan sa pinansyal na aspekto. Mahalagang gamitin ang tamang gamong sa Bogwa dahil ito ang nagtatakda sa bilang ng araw kung kailan isasagawa ang Bogwa.
3. Hablag	Hablag	Contribution animals from the relatives/ Kontribusyong hayop mula sa kamag-anak	Ang kontribusyong hayop mula sa mga kamag-anak ay isa ring pangangailangan dahil sa kamahalan ng pagsasagawa ng Bogwa. Tinatanggap ng pamilya ang mga donasyon ng ibang kamag-anak bilang pakikiisa at tradisyong sosyal ng Ifugao. Ito rin ay isang pamaraan upang mapatatag ang ugnayan ng isang angkan. Ang bawat donasyon ay inililista ng isang miyembro ng pamilyang nagsasagawa ng Bogwa upang sa pagdating ng panahon na magsasagawa rin ang isang kamag-anak ay maibalik din ang donasyon bilang pantulong sa susunod na magsasagawa ng Bogwa.
4. Pudung	Pudung	Seal/Selyo	Ito ay kapisaso at pahabang bahagi ng wano o g-string na ginagamit bilang pantali sa binalot na mga buto ng yumao. Mula sa basbas, ng mumbaki, ang selyo ang pinaniniwalaang mangangalaga sa tamang ayos ng mga buto at bilang proteksyon sa hindi kanais-nais na pangyayaring dulot ng bagyo at pagbaha. Kaiba ang pudung na materyal na ginagamit sa Bogwa at ang pudung na tumutukoy sa elementong kapangyarihan ng isang mumbaki.

5. Wano	Wano	G-string/Bahag	Ang wano o g-string ay ang pahabang tela na pinaglalagakan ng muling hinukay na labi ng kapamilyang yumao. Dito inilalapag ang kaniyang mga buto habang winiwika ng mumbaki ang kanilang mga panalangin na dadalhin sa mga kauna-unahang ninunong yumao. Mahalaga na rito inilalapag ang mga labi bilang pakikipag-ugnayang muli ng kaniyang espiritu sa mundong ibabaw. Ang wano ay kasuotan din ng kalalakihan at karaniwang ginagamit sa pagsasayaw.
6. Ampy-yo	Ampuyo	Loin cloth for women/ hinabing kasuotan para sa mga babae	Maliban sa maaaring panghalili ito sa binuhlan o wano, karaniwan din itong kasuotan ng mga babae sa mga kultural na gawain. Katulad ng wano, ang dominanteng kulay ng mga sinulid sa panghahabi ay itim at pula bilang mga kulay na kumakatawan sa Ifugao at ang pinagkaiba sa kasuotan ng ibang lalawigan ng Cordillera.
7. Patye	Patye	Cabinet structure where the bones are being kept/ Kabinet kung saan pansamantalang itinatago ang mga mga buto	Sa mga pagkakataong kailangang ipahinga ang labi ng kapamilyang yumao, inilalakag ito sa patye upang maitago at nagsisibling sisidlan ng mga butong nakabalot sa wano. Sa kasalukuyan, hindi na ito gaanong ginagamit dahil maaaring gamitin ang mesa sa loob ng tahanan bilang pamalit sa patye.
8. Binyun	Binyun	Basket /Buslo	Sa binyun karaniwang itinatago ang mahahalagang materyal at kasangkapan na ginagamit sa Bogwa tulad ng mga patalim na gagamitin sa pagkatay ng baboy at wano o telang gagamitin na pambalot sa mga labi ng yumao. Ito ay gawa sa rattan na isa ring produkto ng mga naninirahan sa Ifugao.
9. Borwa	Bolwa	Part from the butchered pig /parte sa kinatay na baboy	Ang borwa ay tumutukoy sa marami at eksklusibong bahagi ng karne na kinatay para sa pamilya. Ito ay inilalaan lamang para sa pamilyang nagsagawa nito na ilalaan sa sari-sariling pamilya. Ang bahagi ng borwa ay nakabase sa bilang ng baboy na kinatay kaya't nangangahulugang kapag mas marami ang kinatay na baboy ay mas marami rin ang mapapasakanila.

10. Wanah	Waneh	Share from relatives and friends /tulong o donasyon mula sa kamag-anak	Ang wanah ay pangkalahatang katawagan para sa kamag-anak at kaibigang nais maghatid ng tulong para sa <i>namogwahan</i>. Ito ay maaaring baboy, manok, pato, at palay na makagagaan sa gastusin ng isang pamilya. Sa kasalukuyan, tinatanggap na rin ang pera bilang tulong sa mga kaanak.
11. Tungngor	Tungngor	A way of giving back /pagbabalik-tulong	Ang tungngor ay pagpapasubali sa donasyong ibinigay ng kamag-anak. Ang pamilyang nagsagawa ng Bogwa ay kailangang bumisita rin sa kamag-anak o kakilala na may namogwahan upang tumulong din sa pamamagitan ng pagbibigay ng baboy, pato, manok, palay, at pera. Sa pamamagitan nito, napalalakas ang kanilang relasyon at konsepto ng pakikipagkapuwa.
12.Momah/ taluwan	Momah/taluwan	“Indegenous chewing gum” consists of betel nut, slaked lime (apog), betel leaves (gawed), and an optional ingredient-tobacco.	Ang momah o betel nut ay ang nginunguya na may kasamang gawed (leaf) at apog (white powder) upang magsilbing libangan o pastime ng mga bisita habang nagkukuwentuhan. Ito ang nagiging sanhi ng pamumula ng bibig at nagbibigay ng init sa katawan. Hindi ito nawawala sa anomang okasyon dahil bahagi ito ng masayang libangan sa pakikipagkuwentuhan.
13.Bayah/tapuy/ tapey	Fejah/tapey	Ricewine/ alak	Ang bayah ay isa sa mga pinagsasaluhan ng mga bisita. Karaniwang inihahanda ito at pangangailangan sa namogwahan. Ito ay pinagsasaluhan ng mga bisitang dumarating nang maaga habang pinag-uusapan ang mahahalagang pangyayari sa Bogwa. Kasama na rin ang ilang mga anekdota hinggil sa yumaong dahilan ng pagsasagawa ng Bogwa. Pinaniniwalaang sa pamamagitan ng pag-inom ng bayah, nagkakaroon ito ng bisa upang maging mas pino ang paghahayag ng mga mumbaki sa kanilang mga rituwal .

Ang mga materyal na kultura ay maituturing na *tangible culture* na kumakatawan din sa mga pagpapahalaga ng mamamayan ng Ifugao. Ayon kina Choi et al. (1-6), ang mga materyal na nagiging kabahagi ng isang lahi sa pagsasagawa ng kanilang mga tradisyon ay may kinakatawang simbolismo sa mga pagpapahalagang binibigyang-importansya ng isang komunidad.

Sa pagbanggit naman ni Tuwe (1-16), ang mga nahahawakang kultura ay maaaring tawaging *symbolic culture* dahil ang bawat bagay na mahalaga sa isang kultura at lipunan ay mahalaga sa kabuuang identidad ng lahi. Isa itong natatanging pagkakakilanlan ng mga indihenang indibidwal tungo sa pagpapakilala ng kanilang sarili sa iba pang lahi at sa buong mundo.

Sa Bogwa, ang mga materyal na ginagamit ay may malaking pagbibigay-diin sa mga estado ng pamumuhay o social status ng pamilyang nagsasagawa ng Bogwa. Sa katunayan, ang bilang ng araw, mga kagamitang gagamitin, bilang ng mga hayop na iaalay, at bilang ng mga bisitang tatanggapin ay may kinalaman sa estadong pampinansyal ng isang pamilya. Gayundin, sumasalamin ito sa mga katayuan ng pamilya sa lipunan.

Ang bilang ng araw ng pagsasagawa sa Bogwa ay may kinalaman sa pinansyal na kakayahan ng pamilya. Kapag ang isang pamilya'y may sarili at malawak na palayan, maaari na nilang maituturing ang kanilang sarili bilang pamilyang kabilang sa gitnang uri o *middle class*. Samantala, ang maituturing na pamilyang mahirap ay yaong hindi nakakakain ng tatlong beses sa isang araw.

May tatlong pag-uuri-uri ng pamilya ayon sa estadong pampinansyal na nagiging basehan sa tagal ng pagsagawa ng Bogwa: Kadangyan/achangyan; Bahnang/vahnang; at Nawotwot/napubri. Ang mga kadangyan o achangyan ang maituturing na pinakamakapangyarihan sa lahat. Makakamtan ang uri ng pagbabansag na ito kung ang pamilya ay may malawak na impluwensya sa lipunan at tunay na sagana sa yaman. Ang pagsasagawa ng Bogwa ay karaniwang nagtatagal ng anim na araw at/o higit pa. Ito'y dahil mas nakakaya nilang tustusan ang pangangailangan sa Bogwa tulad ng pagbili ng maraming baboy at kalabaw

para sa mga bisita. Samantala, ang mga pamilyang bahnang o vahnang naman ay yaong nagmamay-ari ng malalaking bahay, malawak na palayan, at ang kapamilya'y may posisyon sa ahensya ng pamahalaan. Gayundin, kung mayroong trabaho at pinag-aralan ang mag-anak. Sa mga bahnang/vahnang, karaniwan din nilang isinasagawa ang Bogwa na nagtatagal sa mahigit tatlo hanggang anim na araw. Ang pinakahuling estado ay ang nawotwot/napubri na mailalarawn bilang pamilyang pinakamahirap sa pinansyal na aspekto ng komunidad. Kung kaya't ang pagsasagawa ng Bogwa ay nagtatagal lamang ng isa hanggang tatlong araw.

Mahalaga na nalalaman ng lipunan ang estadong pampinansyal ng pamilyang nagsagawa ang Bogwa nang sa gayon ay maibigay ng mga kamag-anak at kakilala ang tamang gabay at/o tulong na kinakailangan nila. Gayundin, upang magsilbing gabay sa komunidad hinggil sa mga aktibidad na isasagawa sa bawat araw.

Sa pag-aaral ni Grassby (591-594), binanggit na ang simbolikong interpretasyon ng mga materyal na kultura ay nakaangkla sa ekonomikong katayuan ng isang lipunan o ng isang bansa na ang ilan sa mga napananatiling mga *tangible culture* ay may kaugnayan sa pinansyal na aspekto ng isang bansa dahil nakadepende ang “pagkabuhay” ng isang tradisyon base sa kung paano ito tinutustusan upang magpatuloy ang pagsasagawa nito. Gayundin, ang paglalaan ng pondo upang ipagpatuloy ang isang tradisyon ay kaugnay din ng estado ng pamilya sa lipunan dahil sa dumaraming ibang prioridad ng bawat pamilya maliban sa nakasanayang gawi tulad ng edukasyon at pangangalakal.

Ang bawat tradisyon naman ay may mahahalagang proseso na kailangang sundin upang maging matagumpay sa pagsasakatuparan ng mga layunin at tunguhin sa pagsasagawa ng kultural na gawain. Gayundin, isang pangangailangan ang pagkilala sa mga persona na mahalaga sa pangangasiwa ng pagsasagawa ng tradisyon.

Ang susunod na tala ay mga salitang mahalagang kilalanin bilang bahagi sa pagsasagawa ng Bogwa. Gayundin, ang ibat ibang indibidwal na nagiging kabahagi sa pagsasagawa ng Bogwa.

Talahanayan 2. Mga Salitang Bahagi sa Proseso ng Pagsasagawa ng Bogwa

Tuwali	Ayangan	Salin sa Ingles at Filipino	Deskripsyon at Kahalagahan sa Tradisyon
1. Mumbaki	Mumfa-i	Shamman/ pari	Sa mumbaki (pari o shamman) umiikot ang sentral na proseso ng namogwahan. Itinuturing na malaking papel ang ginagampanan sa Bogwa dahil sila ang nakaaalam sa pamaraan ng pakikipag-usap sa espiritu ng mga yumaong kaanak. Sila ang nakapagbibigay-interpretasyon kung naging matagumpay ang Bogwa base sa mga senyales sa mga bahagi ng kinatay na hayop. Sa mumbaki rin iniaatang ang responsibilidad sa pagdedesisyon kung kailangang ulitin ang proseso ng pagsasagawa ng Bogwa. Kasama na rin ang pagpapahatid sa mga panalangin at naisin ng pamilya na kailangang maihatid sa Kabunyan at mga ninunong matagal nang pumanaw. Isang pangangailangan na kilala ng mumbaki ang kabuoang angkan ng pamilya nang sa gayon ay maisama niya sa kaniyang pag-aalayan ng panalangin ang hanggang sa ikalimang antas ng mga ninuno ng mga kapamilya ng yumao.
2. Pad-on	Binga	Preliminary prayer before the Bogwa/ Paunang rituwal bago ang Bogwa	Ang pad-on ay ang paunang rituwal na isasagawa ng mumbaki bago ang mismong Bogwa. Karaniwang isinasagawa ito isa o higit pang buwan bago ang namogwahan. Ito ay isang preliminaryong panalangin at/o pagrituwal sa espiritu ng mga yumaong ninuno upang mabigyang pagpapaalam sa ninanais ng pamilya. Kung dahil sa sakit ang dahilan ng Bogwa, isinisiwalat na ng mumbaki ang pangalan ng may sakit na nais bigyang-lunas. Sa pagkakataong ito, hinihingi na rin ang basbas o gabay ng espiritu ng mga yumao upang gabayan sila sa kanilang gagawin. Karaniwang tinatawag ang kanunohan na magsisimula kay Bagan at Wigan hanggang sa pinakahuling henerasyon ng dahilan ng pagbobogwa.

3. Panukhutan	Huutan	Retrieval of the bones/ pagpapalabas ng mga buto	Ang panukhutan ay ang paglabas ng mga buto sa puntod ng mga yumao. Ito ay isinasagawa lamang ng mga inunhukut o ang mga taong maalam sa pag-aayos ng mga buto ng mga yumao. Bago ang panukhutan, dapat nakahanda na ang mga wano (g-string) o uloh' (blanket) na paglalapagan ng mga buto ng yumao. Nagsasambit din ng maikling panalangin at bulong para sa mga espiritu ng yumao.
4. Baki	Baki	Walang direktang salin sa Ingles at Filipino	Ang baki ay kaiba sa Bogwa dahil ito ay bahagi ng bogwa. Sa baki, karaniwang isinasagawa ito nang walang limitadong araw. Gayundin, ang tradisyong ito ay hindi lamang nakalaan sa mga patay ngunit isinasagawa rin ito bilang pamaraan ng pakikipag-usap sa kinikilalang Tagapaglikha. Gayundin, ang baki ay ang panlahat na salitang sumasaklaw sa oral na salitang ginagamit sa iba pang oral na salita. Malaki rin ang ginagampanang papel ng mumbaki sa baki dahil sila ang nagsisilbing tagapaghatid ng mensahe sa mga ninuno at nagsasagawa ng panalangin upang mapagbigyan ang isang pamilya hinggil sa kanilang kahilingan sa buhay. Mahalaga ang pagsasagawa ng baki sa Bogwa dahil dito isinasagawa ang pag-aalay ng mga hayop bilang kapalit ng kahingian ng pamilya sa yumaong kamag-anak at upang magsilbing pinakagabay ng pagsasagawa ng Bogwa.
5. Mun-iyoy	Mun-iyoy	Recall/Pag-alala	Ang mun-iyoy ay isang gawain ng isa sa mga kakilala (kamag-anak o kapitbahay) na siyang pinakamatanda at nakakikilala nang lubusan sa yumao. Ang mun-iyoy ay ang pagsasalaysay sa mga mabubuting gawi o gawain ng yumao. Isang uri ng panaghoy upang iparamdam sa espiritu ng yumao na hindi sila nakalilimutan ng kaniyang mga mahal sa buhay. Isinasagawa ito sa harap ng mga butong nakabalot sa wanoh'. Ang "iyoy" ay nangangahulugang pagsasalaysay ng mga mabubuting gawi.

6. Munkuntad	Mun-ontad	Messenger/ Tagapaghatid ng mensahe	Ang munkuntad ay ang kilalang tagapaghatid ng mensahe o <i>messenger</i> na magdadala ng panalangin sa mga ninuno at sa kinikilalang Tagapaglikha. Ang una at pinakamahalagang araw ng Bogwa ay tinatawag na Bohwat kung saan ang mumbaki ay magsasagawa ng rituwal upang ipakiusap sa munkuntad o <i>messenger</i> ang isasagawang Bogwa para sa kahilingan ng kapamilya ng yumao.
7. Paniyo	Paniyaw	Fasting/ Pag-iwas sa pagkain	Ang paniyo ay ang pag-iwas ng mga direktang kapamilya sa pagkain ng mga kinatay na baboy ng namogwahan upang magkaroon ng makabuluhan at mahabang pamumuhay. Binibigyang-diin na ang mga kapamilya na nagsasagawa ng Bogwa ay hindi kakain ngunit maaaring tanggapin ang kanilang bolwa (share) at ibigay na lamang sa mga anak. Sapagkat maaaring magdala ito ng negatibong impak sa kanilang pamumuhay.
8. Hudhud	Hudhud	Hudhud	Ang pag-awit ng Hudhud ay ilan lamang sa mga maaaring awitin ng mga bisita bilang libangan at alay sa mga espiritu. Sa hudhud, isinasalaysay ang mga kabayanihan ng mga sinaunang ninuno ng mga Ifugao.
9. Lubug	Lufug	Walang direktang salin sa Ingles at Filipino	Ang lubug ay ang katawagan sa iyak o kakaibang tunog na nilikha ng kinatay na kalabaw. Kung sakali, sa ganitong pangyayari, nangangahulugang ang espiritu ay hindi natuwa sa alay o di kaya'y may mamamatay na kamag-anak. Ibig sabihin, kailangang isagawa ng mumbaki ang liwaliw.
10. Liwaliw	Liwaliw	Ritual before the offering of animals/ Rituwal sa pagtanggap ng alay na hayop	Ang liwaliw ay isang uri ng panalangin. Ang mumbaki ay makikipag-usap sa mga espiritu ng yumao upang ilayo ang kanilang kapamilya sa mga hindi kanais-nais na pangyayari. Gayondin, upang malugod na tanggapin ang mga inihandang alay na hayop bilang kapalit ng kanilang mga kahilingan. Isinasagawa ito pagkatapos ng huling habilin at pakikipag-usap ng mga kapamilya ng mga yumao.

11. Tungulan	Tungulan	A ritual to avoid bad omen/ rituwal na isinasagawa upang maiwasan ang negatibong pangyayari sa pamilya.	Ang tungulan ay iba pang rituwal na isasagawa sanhi ng lubug o pag-iyak ng kalabaw. Sa tungulan, nakikipag-usap ang mumbaki upang maiwasan ang masamang pangyayari sa pamilya. Sapagkat ang lubug ay nangangahulugang <i>bad omen</i>, naghahabilin ang mumbaki sa ng paggabay ng mga ninuno at pangangalaga sa kanilang mga kapamilya. Bago ito isagawa, narapat na ang mga buto ng yumao ay naibalik na sa kanilang himlayan. Ang malusog na atay ng kinatay na baboy ang magiging basehan kung positibong tinanggap ng mga espiritu ang namogwahan.
12. Kahiw	Ahiw	Ritual to ask Permission to eat meat/ Isang rituwal na isinasagawa upang makakaing muli ang mga kapamilyang nagsasagawa ng Bogwa.	Ito ang pinakahuling rituwal na isasagawa ng mumbaki para sa pamilya. Inaalis na ang pagbabawal sa mga kapamilya na kumain ng karneng baboy at kalabaw. Pagkatapos ng kahiw, ang mga kapamilya ay pinapayagan nang kumain ng prutas, isda, at iba pang karne na hindi maaaring kainin sa buong namogwahan.
13. Munhukut	Huutan	A person responsible in fixing the bones/ ang indibidwal na tagapag-ayos sa mga buto ng yumao	Ang inunhukut ay ang indibidwal na responsable sa pag-aayos ng mga buto bago balutin ng wano o ampy-yo. Kadalasang ang mga pinakamatatanda sa komunidad at ang nakaaalam lamang sa pag-oorganisa ng mga buto ang nakapagsasagawa nito. Kung dalawa ang inunhukut, mas nasusunod ang nakatatanda.
14. Bukahon	Bukahon	A type of Bogwa practiced for unnatural cause of death/ Uri ng Bogwa na isinasagawa para sa taong yumao sa hindi inaasahang pagkakataon	Ang uri ng Bogwa para sa indibidwal na namayapa dahil sa di inaasahang pangyayari tulad ng aksidente o pagpaslang. Ang tawag sa mumbaki na magsasagawa ng rituwal sa ganitong uri ng pagkamatay ay munpohophod.

Ang mga proseso at mga taong nagiging kabahagi sa pagsasagawa ng namogwahan ay mahalagang kilalanin dahil dito umiinog ang kabuuan ng Bogwa. Tulad na lamang ng Mumbaki bilang pari at ng Kabunyan na siyang kinikilalang Tagapaglikha.

Ang Mumbaki ay katumbas ng pari sa Kristyanismo, Siya ang nagsisilbing may pinakamataas na gampanin sa pagsasagawa ng Bogwa at pagpapatupad ng Baki. Ang paniniwala at pagbibigay ng mataas na respeto sa mumbaki ay may implikasyon sa kasalukuyang estado ng Kristiyanismo sa Ifugao. Bagama't malawak nang sinasakop ng relihiyong Kristiyanismo ang Ifugao, ang pananatili sa tiwala sa mga Mumbaki ay nangangahulugang napananatili pa rin ang tradisyong namana ng mga Ifugao sa kanilang mga ninuno. Bagama't nagiging malaking suliranin ang teknolohiya at edukasyon upang mapaniwala ang mga sumusunod na henerasyon hinggil sa kahalagahan ng Mumbaki sa kanilang lipunan, nagiging pangangailangan pa rin ang pagpapakilala sa kakayahan ng Mumbaki sa kabataan lalo na't sagisag ito ng kanilang naunang identidad ng pananampalataya. Ang unti-unting paglaho ng mga mumbaki ay maaaring implikasyon ng pagtatakwil ng mga taga-Ifugao sa kanilang sariling pagkakakilanlan. Samantala, ang konsepto naman ng Kabunyan ay isang mabuting implikasyon hinggil sa paniniwala ng Ifugao sa dakilang Tagapaglikha. Ito ay nangangahulugan ng pagkilala sa mas malakas at makapangyarihang anyo ng pananampalataya na nagiging basehan sa kasalukuyang paglamon ng Kristiyanismo sa buong bansa. Ang kinikilalang diyos ng Ifugao at Kristiyanismo ay hindi nagkakalayo sa uri at anyo ng pagpapakilala mula sa kanilang ninuno.

Mahalaga rin ang papel at pagtingin ng lipunan sa mga nakasaksi at lubusang makapagpapatunay sa mga kuwento ng kanilang tradisyon tulad ng matatanda, lolo at lola, at/o *apong* ng kanilang komunidad. Ang mga *apong* ang nagsisilbing gabay sa mga mas batang miyembro ng lipunan dahil sila ang nakapagbibigay-balidasyon sa kaangkupan ng mga rituwal na isinasagawa mula pa sa pagkabuhay ng naunang henerasyon ng kanilang lahi. Sa Bogwa, mapapansin ang mataas na pagbigay-galang sa mga nakatatanda dahil sa papel na isinasagawa sa namogwahan. Ang mun-iyo o ang nagbabalik-tanaw sa mga kabutihan ng yumao at ang munhukut ang maalam sa pag-aayos sa buto ng mga namatay. Mahalaga ang papel ng mga kinikilalang *apong* sa Ifugao dahil sila rin ang nagtatakda sa direksyon at kaakmaan sa proseso ng oral na tradisyon.

Kakaiba at masalimuot ang proseso ng Bogwa. Ito ang dahilan ng pag-iimbata ng mas marami pang batang nais maging mumbaki (at sumailalim sa pagsasanay sa pagiging mumbaki) nang sa gayon ay maiwasan ang pagbubura nito sa kanilang kultura.

Ang Bogwa ay nagiging ugnayan ng kasalukuyang henerasyon sa kasaysayan ng mayamang kultura ng mga Ifugao. Bilang isang anyo ng oral na tradisyon, ito ay nagsisilbing mabisang tagapag-ugnay ng nakaraan upang mailantad sa hinaharap ang mga dati nang pinahahalagahang mga pag-uugali na maaaring makapagpaliwanag sa masikot na pagdalumat sa mga rituwal na isinasagawa ng kanilang mga ninuno. Sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga rituwal na ito, naihapag sa lipunan ang kamalayang konseptuwal at espirituwal tungo sa mas malalim na pag-unawa sa kalikasan at dahilan ng pagsasagawa ng tradisyon na tulad ng Bogwa.

Sa pagtalunton sa anomang uri ng oral na tradisyon, binibigyang-pagsusuri ang dahilan ng pagsasakatuparan ayon sa pagtingin sa iba't ibang sulok tulad ng/sa pinagmulan o kasaysayan ng paggawa, kaugnayan at relasyon ng tradisyon sa mga kalapit-lugar nito, at mga salik sa pagpapatuloy ng pasalitang gawi na nakapag-aambag sa pambansang kalinangan hinggil sa katauhan at identidad ng indehenang mga pangkat. Ang tatlong sulok na ito ang nagiging lunsaran ng mananaliksik upang pagtibayin ang mga tala hinggil sa Bogwa bilang isang makabuluhang daluyan ng paggagap sa kabuuang saklaw ng naturang tradisyon.

Ang iba't ibang pag-aaral na isinagawa ng maraming mananaliksik hinggil sa pag-usbong ng sari-saring kultura hinggil sa ikalawang paglilibing kung saan nauuri ang Bogwa ay isa sa mga maaaring maging gabay upang lubusang maipaliwanag ang ugnayang nagbibigkis sa kakanyahan at relasyon ng kultura ng paglilibing (sa pangkalahatan) sa Pilipinas. Sa tala ng *Relacion de las Islas Filipinas* ni Pedro Chirino hinggil sa pinagmulan ng mga Pilipino, naging batayan ang mga wikang magkakaugnay upang matukoy na ang mga Pilipino ay nagmula sa lahing Austronesyano. Salungat sa pag-aakalang ang mga Pilipino ay mula sa lahing Negrito, Malay, at Indones. Ito ang nagbunsod upang makapagbigay-paliwanag ang mga lingguwista hinggil sa pagkakapareho ng mga ponema, morpema, at salitang nakapaloob sa estruktura ng pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas. Maliwanag na maaaring maiugnay rito ang kapatiran at pagkakahawig ng mga tradisyon na tulad ng pangalawang paglilibing o *secondary burial*.

Ang kasaysayan ng pangalawang paglilibing ay nasasaksihan sa maraming pangkat-etniko sa Pilipinas. Bagama't may mga baryasyon at ilang pagtatangi-tangi hinggil sa materyal, rituwal, uri, pamamaraan, at maging sa dahilan ng pagsasagawa nito, nananatiling may pagkakahawig ang Bogwa sa ilan pang mga tradisyon. Tulad na lamang ng Pangutkutan ng mga Mangyan ng Oriental Mindoro, na isinasagawa ang muling paglilibing sa pamamagitan ng paghuhukay sa mga labi ng yumaong kamag-anak at inililipat sa isang kuweba bilang pinal na himlayan ng mga labi. Ito ay isa sa mga gawaing inihahandog bilang paggalang sa sumakabilang-buhay na kapamilya. Gayondin, ang manunggul jar ng Palawan ay isa rin sa kinikilalang representasyon ng katutubong gawaing kaugnay ng paglilibing. Simbolikal ang dalawang taong nakapatong sa ibabaw ng manunggul jar dahil tumutukoy ito sa paglalakbay ng mga kaluluwa patungo sa panibagong tahanan. Bagaman at sa mga Mangyan ay binabalot sa katutubong tela ang buto ng mga pumanaw na kamag-anak at inilalagak naman sa loob ng banga ang isinagawa ng mga taga-Palawan noong 700 B.C, ang tradisyon ng muling paglilibing ay hindi isang makabagong pag-uugaling malinaw na likas na bahagi ng ating mga ninuno at hindi dala ng kolonyalismo.

Malaki ang implikasyon ng salitang “pangutkutan” ng mga Mangyan bilang isang anyo ng muling paglilibing. Sa lingguwistikong pagtutugma, ito ay malapit sa salitang “panukhutan” ng Ifugao. Ang panukhutan ay tumutukoy sa paglalabas ng labi ng patay kung saan ito huling inilagak. Binanggit naman ni Chua (2012) na ang hugis-bangka sa ibabaw ng Manunggul Jar ay kahugis din ng sinaunang disenyo ng kabaong ng mga taga-Cordillera. Maliban dito, ang mga bangkang ito ay mayroon ding simbolikal na paghahayag dahil tumutukoy ito bilang isang instrumentong lagusan ng mga kaluluwa mula sa daigdig patungo sa kabilang buhay. Ang mga hugis-bangkang ito ang nagtatawid sa kultura ng mga Pilipino hinggil sa paglalakbay sa karagatan. Ang hugis-tao sa ibabaw ng manunggul jar kasama ng abay o tagasundo ay naka-*fetal* position dahil ito ang posisyon na isinasagawa para sa mga namamatay. Ganito rin ang posisyon ng *bulul* ng mga Ifugao na bahagi ng kanilang animismong pananampalataya.

Sa madaling sabi, ilan lamang ito sa maaaring pagpapatunay sa varayti ng pangalawang paglilibing na nagmamapa sa ugnayan ng mga tradisyong

awtentikong isinasagawa sa Pilipinas. Ang Bogwa bilang isang uri ng pangalawang paglilibing ay hindi nakahiwalay sa ibang kulturang mayroon sa iba pang dako ng Pilipinas na mayroon pang mga napreserbang gawi na minana pa sa kanilang mga ninuno.

Ang pangangalaga ng mga Ifugao sa kalikasan ay bahagi rin ng matinding paggalang sa yumaong ninuno. Dahil ang mga espiritu ng mga pumapanaw na kamag-anak ay pinaniniwalaang nananatili rin sa mundong ibabaw at kasama ng kanilang kapamilya.

Kongklusyon

Ang kultural na paghuhukay sa Bogwa ay isang lunsaran sa pagpapalawak ng kaalaman sa masikot at masalimuot na tradisyon ng Ifugao. Nagsisilbi itong batayan ng ilan sa mga pagpapahalaga, pilosopiya, at pananaw na maaaring magamit sa paglalantad sa identidad ng Cordillera.

Kinakaharap ng Bogwa ang kultural, espirituwal, at global na hamon tungo sa pagbura nito sa tradisyon ng Ifugao. Sa paunti-unting pagyakap ng mga makabagong henerasyon sa teknolohiya at mass media, nababawasan ang kanilang interes at kamalayan sa mga gawi na ipinamana ng kanilang mga ninuno. Ang pagyakap sa *entertainment* at panibagong kultura na dala ng mass media, unti-unting naitatakwil ang tradisyong narapat na ipagpatuloy sapagkat hindi lamang ang kulturang Bogwa ang kanilang binubura kundi maging ang kanilang katauhan. Samantala, nagiging hamon pa rin naman ang pagpasok ng Kristiyanismo sa kabuhayan ng Ifugao. Sa Kristiyanismo, binabago nito ang uri ng pananampalataya at nagbibigay ng panibagong mukha ng pagsamba na hindi naman dating isinasagawa. Gayonpaman, bagama't nagiging malakas ang puwersa ng mass media at teknolohiya sa pag-impluwensya ng makabagong anyo ng pananampalataya, napananatili ng Ifugao ang kadalisan ng kanilang kultura. Nabibigyan- balanse ang paniniwala sa Kristiyanismo at Bogwa dahil naiiangkla nila ang relihiyon sa Bogwa.

Ang pag-aangkla naman ng Kristiyanismo sa Bogwa ay hindi isang balakid upang lubusan nilang maitakwil ang kanilang tradisyon at paniniwal sapagkat naghahalinhinan ang paniniwala sa Bogwa at Kristiyanismo. Tulad halimbawa sa panggagamot, bagama't marami na sa mga indibidwal ang nakapagtamo ng pinakamataas na antas ng edukasyon sa Ifugao at mayroon nang malawak na kaalaman sa siyensya, nagiging panghuling baraha pa rin ang Baki

at Bogwa upang pagalingin ang isang kaanak na may malubhang karamdaman na hindi magamot ng mga doktor. Sa ganitong pagkakataon, bumabalik sila sa paniniwala at tradisyong kinamulatang pamana pa ng mga ninuno. Samantala, sa binyag, kasal, at iba pang mga selebrasyon, sinusunod naman ang proseso ng pari at pagkatapos ay isinusunod ang pagsasagawa ng mga rituwal na tulad ng Baki upang makahingi ng basbas mula sa mga ninuno at upang maisagawa ang dating paniniwala at tradisyon.

Ang hamon ng globalisasyon ay hindi gaanong nakaapekto sa pagbalikwas ng mga taga-Ifugao sa kanilang mga gawi maliban na lamang sa pagsasaka. Ang mga inobasyon sa pagpapataba ng mga halaman sa palayan ay may malaking naiambag sa kanilang kabuhatan. Sa kultura naman, hindi nagiging balakid ang iba't ibang anyo ng pag-unlad sa pagpapatatag at pagpapanatili ng kanilang tradisyon sapagkat nagiging sandalan pa rin ito ng bawat pamilya sa tuwing may ninanais at ipinapanalangin isang biyaya.

Ang Ifugao na kilala bilang mayaman sa oral na tradisyong tulad ng Bogwa ay sumasalamin sa anomang lahi mayroon ang Pilipinas na nagtataglay ng mga indihenang mga gawi at kultura. Kumakaharap sa isyu ng “pagbura” dahil sa mga hamong dulot ng relihiyon at globalisasyon. Gayonpaman, katulad ng Bogwa at iba pang kulturang patuloy na isinasagawa sa Ifugao, ang paglaho nito ay nakasalalay sa mga susunod na henerasyong may pakialam sa kanilang totoong katauhan at identidad. Maaaring yakapin ang pag-unlad ngunit huwag itakwil ang pinagmulan.

Sanggunian

- Akesson, Ingrid. Oral/Aural Culture in Late Modern Society: Traditional Singing as Professionalized Genre and Oral-Derived Expression. *Oral Tradition*, 27.1.(2012): 67-84. Print.
- Alesina, Alberto. at Giuliano, Paola. Culture and Institutions. (2014): 1-67. Print.
- Blench, Roger at Campos, Fredeliza. Recording Oral Literature In A Literate Society: A Case Study From The Northern Philippines. (2012). Print
- Choi, Incheol et al. Culture and Judgment of Causal Relevance. *Journal of Philosophy and Social Psychology* 34.1 (2003): 46-59. Print.
- Chua, Xiao. Ang Banga sa Manunggul. Youtube Video. November 1, 2012. [Napanood](#) noong Disyembre 3, 2018
- David, Kara. I-Witness: Kutkot. Youtube Video. April 1, 2017. [Napanood](#) noong Disyembre 3, 2018.
- Dulay, Michele J. The Ifugao Hudhud: Its Peoples Knowledge of it. *International Journal of Science and Research (IJSR)* 4 (6). (2015): 533-539. Print.
- Dulawan, Lourdes. Ifugao: Culture and History. Intramuros, Manila: National Commission for Culture and the Arts. (2001). Print.
- Drake, Sarah. at Kombo, Edda Mutua. Somali Language and Oral Tradition in Post-conflict Life in the US: What Does the Future Hold. *Africa Media Review*, 17.2 (2012): 109-122. Print.
- Edsomwoman, Simeon at Peterson, Claudette. A History of Oral and Written Storytelling in Nigeria. Dakota State University. (2012): 91-99. Print.
- Fiar-od, Caridad. Apayao Rituals: Their Features and Significance. Igorot Cordillera BIMAAK Europe (ICBE). March 24, 2014. Web. Nabasa noong Mayo 26, 2019.
- Grassby, Richard. Material Culture and Cultural History. *Journal of Interdisciplinary History* 30.4 (2005): 591-603. Print.
- Guyao, A. Panayam. Nobyembre 22, 2018.
- Jiang, Hanyuan. Conservation of Ifugao Values. ProQuest LLC (2017): 1-165. Print.
- Jirata, Tadesse A. Children and Oral Tradition Among the Guji-Oromo in Southern Ethiopia. *Norwegian University of Science and Technology* 2013.171 (2013):1-237. [Print](#).
- Moyer, Judith. Step-by-Step Guide to Oral History. Web. Nabasa noong Nobyembre 11, 2018.
- NCCA-ICH-Lagawe. Bogwa. Social Practices, Rituals, and Festive Events. National Commission for Culture and the Arts- Institute of Culture and Heritage Lagawe. (2008): 137-138. Print.
- Picache, Cecilia V. Safeguarding the Intangible Cultural Heritage of the Philippines: The Hudhud Chants of the Ifugao as Case Study. *Asia/Pacific Cultural Centre for UNESCO*. (2008): 1-6. Print.
- Kawahara, Toshiaki. A Study of Literacy of Pre-hispanic Philippines. Web. Nabasa noong Hunyo 4, 2019.
- The Igorot. Sa pagkakalathala ng Publication of the Igorot Global Organization. January 2009. V (1), Pp. 31-37. Print.
- Peralta, Jesus T. Bogwa. National Commission for Culture and the Arts. Youtube Video. Abril 7, 2015. [Napanood](#) noong Agosto 16, 2018.
- Peralta, Jesus T. Local to Global Dimensions of the Sacred. National Commission for Culture and the Arts. Museum International, Blackwell Publishing 218. 55 (2). (2003); 18-24 . Print
- Tagtag, Primalyn. Panayam. Nobyembre 22, 2018.
- Tuguinay, Anderson D. Old Ifugao Customs and Traditions. Ifugao Customs Blogspot. Web. (2008)
- Tuwe, Kudakwashe. The African Oral Tradition Paradigm of Storytelling as a Methodological Framework:

- Employment Experiences for African communities in New Zealand. *African Studies Association of Australasia and the Pacific* 38.1 (2016): 1-16. Print.
- Umila, Benito. Panayam. Disyembre 3, 2018.
- World Affairs Council of Houston. Teach Africa: The Oral Traditions of Africa. Web. Nabasa noong Agosto 11, 2018.
- Villanueva, Cristina. Putting Voice to the Silent: Researching the Cordillera Photographs of Robert B. Fox, Sr. of the University of the Philippines Baguio Cordillera/Northern Luzon Historical Archives. *Creative Commons* 3.0. (2014): 1-26. Print.
- Yakal, Madeleine Arnee. Exotic Beads and Jar Burials: Social Status in the Old Kiyyangan Village, Ifugao, Philippines. *UCLA Electronic Theses and Dissertations*. (2017): 1-72. Print.